

Bayan Muna, naghain ng petisyon laban sa maanomalyang Maharlika Investment Fund Act.

# Ibalik ang Bayan Muna sa Kongreso!

## —Bakit, hindi ba sila nakaupo? Maingay sila, naririnig, nakikita.

Tama po. Subalit noong eleksyon 2022, sa pamamagitan ng malawakang pandaraya, paninira, pandarahas, napigilan ng sabwatang Duterte-Marcos ang muling pag-upo ng **Bayan Muna**.

Marami sa mga miyembro at organisador sa buong kapuluan ang inaresto, ikinulong, sinampahan ng gawa-gawang kaso, at may mga dinukot at pinaslang. Kung anu-anong masasamang salita ang ibinato sa Bayan Muna: nanggugulo, rebelde, kriminal, terorista.

## — Ano ang kinatatakutan sa partylist na ito na may 25 taon nang naglilingkod sa sambayanan simula 1999?

- Sapagkat nasa unahan ang Bayan Muna ng paglalantad ng mga abuso, katiwalian o korapsyon sa gobyerno
- Sapagkat nasa unahan ang Bayan Muna para ilaban ang tunay na reporma sa lupa at pag-unlad ng mga industriyang Pilipino
- Sapagkat nasa unahan ang Bayan Muna para igiit ang pagtaas ng sahod, pagbaba ng presyo ng bilihin, kuryente, buwis, langis, magkaroon ng regular na trabaho, murang pagkain, tirahan at serbisyo, kalusugan at nutrisyon, maitaas ang SSS at social pension, jeepney phaseout, at iba pa

**— Bakit naman Bayan Muna ang unang pinupuntirya?**
Nangangamba ang mga naghaharing uri sa bansa na tuluy-tuloy pang malantad ang kanilang kabulukan at pagsasamantala kapag nariyan ang Bayan Muna. Walang pasubaling ang kongreso ay kontrolado ng pinakamayayamang pamilya sa Pilipinas. Konting pingas sa kapangyarihan o kayamanan ay banta na sa kanila. Higit pa, lumalakas ang tiwala, pagkilala at pagsuporta ng malawak na masa sa Bayan Muna dahil dala nito ang mga kahilingan at interes nila.

Mahirap man at masalimuot ang laban, kapos man sa rekurso at sinusupil, hindi maaawat ang Bayan Muna. Tutuloy ito sa halalan 2025 na bitbit ang tiwala sa masa, at ng masa sa kanila.

Marami mang balakid ngayon kaysa nakaraan, malalampasan ito ng Bayan Muna hanggat malawak ang suporta at partisipasyon ng masa. Magtiwala. Maging mapanlikha. Mula sa masa, para sa masa.

## Walang imposible sa bayang nagkakaisa na ibalik sa kongreso ang **Bayan Muna**!

**BAYAN MUNA NOMINEES:** 1 / Cong. Neri Colmenares ▪ 2 / Cong. Carlos Isagani “Kaloi” Zarate ▪ 3 / Cong. Ferdinand “Ferdie” Gaite ▪ 4 / Cong. Eufemia Cullamat ▪ 5 / Atty. Maria Kristina Conti ▪ 6 / Elizabeth Camoral ▪ 7 / Irma Espinas-Espinosa ▪ 8 / Florentino Viuya Jr. ▪ 9 / Lean Porquia ▪ 10 / Mitzi Tan

**BAYAN MUNA**
**PARTYLIST**

**59 SA BALOTA!**

**BAYANMUNA.COM.PH**

**bayanmunapartylist** **BayanMuna** **bayanmuna1999@gmail.com**

**MAKABAYAN 2025** **TAUMBAYAN SA SENADO, ATING IPANALO!**

Jerome **ADONIS**
Alyn **ANDAMO**
Ronnel **ARAMBULO**
Arlene **BROSAS**
Teddy **CASIÑO**
France **CASTRO**
Mimi **DORINGO**
Mody **FLORANDA**
Mek **LIDASAN**
Liza **MAZA**
Danilo **RAMOS**

⟶ **makabayancoalition**

Political advertisement paid for and by **Bayan Muna Partylist** Blk 25 Lot 34 Gabriela Silang St., New Capitol Estate 1, Batasan Hills, Quezon City